



“Ang 5 Panuntunan para sa Ligtas na Paggamit ng Bisikleta”

1 Bilang prinsipyo, ang pagmamaneho ay sa kaliwang bahagi ng kalsada Maliban sa sidewalk na nagbibigay prioridad sa mga pedestrian

Para sa mga daanan kung saan hiwalay ang sidewalk at kalsada, kinakailangan na gamitin ang kalsada. Kinakailangan din na sa kaliwang bahagi ng daanan magmaneho.




Kinakailangan na pansamantalang huminto sa partikular na pagkakataon habang nagbibisikleta sa sidewalk kung makahahadlang sa daloy ng mga pedestrian.



2 Upang matiyak ang kaligtasan, palaging sundin ang mga traffic lights at huminto sa mga intersection



Sundin ang mga traffic lights, atbp. tuwing nagbibisikleta sa kalsada.



Palaging huminto sa mga stop signs at suriin ang kaliwa at kanan upang tiyakin na ito ay ligtas.

3 Buksan ang ilaw sa gabi

Ang pagbibisikleta nang walang ilaw ay lubhang mapanganib dahil walang bisibilidad ang iyong bisikleta sa iba. Tiyakin na bukas ang ilaw sa gabi.



4 Bawal magbisikleta ng lasing



Katulad sa pagmamaneho ng mga automobile, ang pagbibisikleta nang nasa ilalim ng impluwensya ng alakohol ay ipinagbabawal din.

5 Magsuot ng helmet

Magsuot ng helmet tuwing nagbibisikleta upang mabawasan ang pinsala mula sa aksidente sa pagbibisikleta.

